Lucena City National High School
Edukasyon sa Pagpapakatao
Grade 9
Ikatlong Markahang Pagsusulit

**Panuto:** Basahin ang bawat tanong at isulat sa patlang sa unahan ng bawat bilang ang titik ng pinakatamang sagot.

______ 1. Ang mga sumusunod ay kaugnay na pagpapahalaga ng katarungang panlipunan maliban sa :
A. Katotohanan B. Pagmamahal C. Katapatan D. Pagkakaisa

______ 2. Isa sa mga pagpapahalagang kaugnay ng katarungang panlipunan ay ang pagkakaisa dahil ayon kay ___________, "Ang bunga ng pagkakaisa ay kapayapaan".
A. Adolf Hitler C. Santo Papa Juan Pablo II
B. John F. Kennedy D. Santo Benedicto XVI

______ 3. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng palatandaan ng pagiging makatarungan ng tao?
A. Itinataya (commit) ko ang aking sarili sa kasunduang mayroon ako at ang aking mga kaibigan.
B. Inuunawa ko ang bawat sitwasyon sa obhektibong paraan upang maka-kilos nang makatarungan ayon sa hinihingi ng sitwasyon.
C. Tinutupad ko ang aking mga pangako at komitment sa buhay
D. Isinasaalang -alang ko muna ang pansariling karapatan bago ang kara-patan ng mga tao sa aking paligid.

______ 4. Ayon kay _____, ang katarungan ay isang gawi na gumagamit lagi ng kilos-loob sa pagbibigay ng ng nararapat sa isang indibidwal.
A. Dr. Manuel Dy C. Santo Tomas De Aquino
B. Malala Yousafsai D. Max Scheler

______ 5. Ayon kay Andre Comte-Spoonville, isa kang makatarungang tao kung ginagawa mo ang mga sumusunod maliban sa:
A. Ginagamit mo ang iyong lakas sa paggalang sa batas.
B. Isinasaalang-alang mo ang pagiging oatas sa lahat ng tao.
C. Sinusunod ang bawat naisin ng sarili at kapuwa.
D. Iginagalang ang karapatan ng kapuwa.

______ 6. Ang pagnanakaw ay isang halimbawa ng paglabag sa katarungang panlipunan. Ang mga sumusunod ang magiging epekto nito sa lipunan maliban sa:
A. Magulong LIpunan C. Walang maayos na lipunan
B. Pagkakaroon ng matinong trabaho D. Kawalan ng tiwala sa sarili.

______ 7. Kung walang pagmamahal na likas sa tao, ano ang mangyayari sa katarungan?
A. Madaling makakamit ng tao ang patas na pagkamit ng katarungan.
B. Ang katarungan ay maaaring mauwi sa simpleng legalismo na ibig sabihin ay pagiging parang isang bulag kung saan sunod-sunuran na lamang ang tao sa batas
C. Ang katarungan ay magiging para sa lahat .
D. Wala sa mga nabanggit sa A, B, at C

______ 8. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pangunahing prinsipyo ng katarungan?
A. Palaging nakakasalamuha ang kapwa
B. Paggalang sa karapatan ng bawat isa
C. Tutulong ang mga mamamyan sa mga mahihirap
D. May ugnayan na namamagitan sa dalawang tao

______ 9. Alin ang nagpapatunay na nagsisimula sa pamilya ang pagiging makatarurungan?
A. Natututong tumayo sa sarili at hindi umaasa ng tulong mula sa pamilya
B. Bukas ang loob na tumaggap ng pagkakamali at hindi naninisi ng iba
C. Nagkakaroon ng kamalayan sa sarili sa tulong ng mga mahal sa buhay
D. Nagagabayan ng mga mahal sa buhay na lumaking may paggalang sa karapatan ng iba.

______10. Bakit isinasaalang -alang ng katarungang panlipunan ang paggalang sa dignidad ng tao?
A. Binubuo ng tao ang lipunan
B. Magkakasama na umiiral sa lipunan ang mga tao
C. Mahalaga ang pakikipagkapuwa sa lipunang kinabibilangan
D. May halaga ang tao ayon sa kaniyang kalikasang taglay bilang tao

______11. Ano ang pinakamahalagang dahilan kung bakit kailangang maging makatarungan ng isang tao sa kanyang kapuwa?

A. Dahil bilang tao, ikaw rin ay namumuhay sa lipunan ng mga tao
B. Upang matugunan ang pansariling mga pangangailangan.
C. Dahil sa katotohanang ang pagktao ng tao ay nangangailanagn ng pagkilala at paggalang
D. Upang malaya mong magawa ang mga pansariling naisin.

______12. Ang pahayag na "Ang batas ay para sa tao at hindi ang tao para sa batas" ay nangangahulugan na:

A. Nakatakda na ang mga batas na kailangang sundin ng tao habang siya ay nabubuhay.
B. Ang mga itinakda na batas ay para sa ikabubutimng tao kaya dapat niya ng sundin lahat ng mga ito.
C. Malalaman ng tao ang mangyayari sa kanyang buhay kung susuwayin niya ang mga itinakda na batas.
D. Itinakda ang batas upang gabayan ang tao sa kanyang pamumuhay at hindi upang diktahan nito ang kanyang buhay.

______13. Sa pagreretiro ni Mang Rene, nakatanggap siya ng mga benepisyong hindi niya inaasahan mula sa pabrikang kanyang pinaglilingkuran ng mahigit 40 taon. Bukod dito, binigyan din siya ng plake ng pagkilala bilang natatanging manggagawa . Palatandaan ba ng kagalingan niya sa paggawa ang pagtanggap ng benepisyo at pagkilala ni Mang Rene?

A. Oo, sapat na basehan ang 40 na taon niyang paglilimngkod.
B. Hindi, Biibigay talaga ang parangal at benepisyo sa oras na siya ay magretiro bilang bahagi nang kaniyang karapatan bilang isang manggagawa.
C. Oo, hindi ibibigay ng isang kumpanya ang pagkilala at benepisyo sa manggagawang hindi nararapat bigyan ogaaran nito.
D. Hindi, binibigay lang ang parangal upang maging masaya si Mang Rene dahil sa edad na mayroon siya.

______14. Ang sumusunod ay katangian na nagpapakita ng kagalingan sa paggawa maliban sa:

A. Nagpupuri at nagpapasalamat sa Diyos B. Nagsasabuhay ng mga pagpapahalaga
C. Nagtataglay ng mga positibong kakayahan D. Nag-iisip ng pagkakagastusan sa perang kinita

______15. Sa kabila ng kahirapan sa buhay, ang isang tao ay maari pa ring magtagumpay sa kahit na anong larangan kung ang kanyang gagawin ay naayon sa kanyang gusto at hilig. Anong katangian ng tao ang magpapatunay nito?

A. Masipag, madiskarte, at matalino
B. May pananampalatay, malikhain, may disiplina sa sarili
C. Maganda angrelasyon niya sa Diyos, may pagpapahalaga sa sarili kapuwa at bansa.
D. May angking kasipagan, pagpupunyagi, at tiwala sa sarili.

______16. Ang produkto o gawiang lilikhain ay bunga ng mayamang pag-iisip at hindi ng panggagaya o pangungopya ng gawa ng iba. Dapat ay orihinal, bago at kakaiba ang produkto. Ito ay tumutukoy sa anong uri ng pagpapahalaga?

A. Malikhain B. Masipag C. Masigasig D. Matiyaga

______17. Ito ay pagkakaroon ng kasiyahan, pagkagusto at siglang nararamdaman sa paggawa ng gawain o produkto. Anong pagpapahalaga sa paggawa ang tinutukoy ng nasabing pahayag?

A. Masigasig B. Disiplinado C. Masipag D. Malikhain

______18. Ang kinikilala at itinuturing na pinakadakilang henyo sa lahat ng panahon na nagpamalas ng ibat ibang katangian upang magkaroon ng matalinong pag-iisp na kailanagn upang maisabuhay ang kagalingan sa paggawa.

A. Leonardo da Vinci C. Johnlu Koa
B. Albert Einstein D. Sandy Javier

______19. Ang pagtatayo ng isang negosyo ang isang mabisang paraan upang mapaunlad ng isang tao ang kanyang sarili. Hindi ito madali dahil kinakailangan ng taong harapin ang maraming pagsubok upang mapagtagumpyan ito. Sa paanong paraan dapat tingnan ng isang tao ang pagkabigong daranasin niya upang ang kanyang negosyo ay maging matagumpay?

A. Itinuturing niya itong hamon na kailangan niyang malampasan.
B. Pinag-aaralan ang sitwasyon at pinag-iisipan ang gagawing hakbang.
C. Ang pagkabigo ay paraan ng pagsusulit sa kaniya.
D. Ang pagkadapa ay hindi senyales upang tuluyang malugmok.

______20. Isang grupo ng mga mag-aaral ang naatasang gumawa ng isang proyekto upang matulungan ang mga kapwa nila mag-aaral na hirap sa buhay upang magkaroon ng mga regalo ngayong Pasko. Sinimulan nila ang gawain sa pamamagitan ng pagbuo ng layunin, paglalarawan ng mga inaasahang kalalabasan ng proyekto at pagtatakda ng kakailanganing panahon upang maisagawa ang gawain. Sa anong yugto ng kasanayan sa pagkatuto ang tinutukoy ng mga pagkilos na nabanggit?

A. Pagkatuto habang ginagawa B. Pagkatuto bago ang paggawa
C. Pagkatuto pagkatapos gawin ang isang gawain D. Pagkatuto mula simula hanggang wakas

______21. Kahit pagod at puyat, sinisikap ni adrian na gumising ng maaga upang makarating ng tamang oras sa kanyang trabaho at upang matapos ng maayos ang mga itinakdang gawain ng kanyang amo para sa kanya. Anong pagpapahalaga ang isinasabuhay ni Adrian upang magawa niya ng may kalidad ang kanyang gawain?

A. Kasipagan B. Matiyaga C. Disiplina sa sarili D. Matiisin

______22. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa iba pang katangiang kailangan upang magkaroon ng matalinong pag-iisip upang maisabuhay ang kagalingan sa paggawa?

A. Pagiging palatanong
B. Pagsubok ng kaalaman gamit ang karanasan
C. Pagiging bukas sa pagdududa at kawalang katiyakan
D. Pagrereklamo sa mga bagay na salungat sa mga plano

______23. Pinalitan ni Leslie ang nagretirong punong-guro ng kanilang paaralan. Maraming nagsasabing hindi niya kayang higitan ang kabutihang nagawa at tagumpay na narating ng huli. Alin sa sumusunod ang dapat niyang linangin upang mapatunayan na siya ay karapat dapat sa posisyong ibinigay sa kaniya?

A. Magpakumbaba at ipagpatuloy ang mga programang nasimulan ng dating punong-guro.
B. Gamitin ang ganda, karisma talino at kasipagan.
C. Maging masipag, masigasig, at malikhain sa pagsasabuhay nang kanyang trabaho.
D. Sundin ang payo at gusto ng mga matatandang guro upang maging maganda ang relasyon ng mga ito.

______24. Abala si Adelle sa Paggawa ng mga produktong magsisilbing palamuti sa bawat tahanan ngayong darating na pasko. Ano ang magandang motibasyon na dapat isaalang -alang ng mga gumagawa ng mga ito?

A. Kaloob at kagustuhan ng Diyos B. Materyal na bagay at pagkilala ng lipunan
C. Pag-unlad ng sarili, kapuwa at bansa D. Personal na kaligayahan na makukuha mula dito

______25. Napatutunayan ng isang tao ang kanyang kagalingan sa paggawa kung naisasaalang-alang niya ang mga sumusunod maliban sa:

A. Ang paggawa ay pinag-isipang mabuti
B. Nagagamit sa paggawa ang mga talento at kasanayang ipinagkaloob ng Diyos.
C. Nagamit ang mga aral ng buhay na natutunan sa karanasan
D. Hindi nasusunod ang mga plano sa paggawa dahil sa kakulangan sa oras.

______26. Ginagawa ni Sherly bilang sekretarya ng kumpanya ang lahat ng trabahong ipinag-uutos ng kanyang boss ng walang anumang pagrereklamo at pagpapabaya sa kanyang tungkulin. Paano niya isinasabuhay ang kagalingan niya sa paggawa?

A. May pagmamahal at pagtatangi siya sa kanyang tungkulin.
B. Ang kaganapan ng kaniyang pagiging mabuting manggagawa ay kaganapan ng kanyang pangarap.
C. Ang pagnanais na magkaroon ng karagdagang benepisyo sa trabahong ginagawa.
D. Ginagawa niya ng may kahusayan ang kaniyang tungkulin.

______27. Si Thomas Edison ay isang Amerikanong imbentor na nakaimbento ng *Electric bulb*. Bago niya ito natapos, dumaan siya sa maraming pagsubok. Maraming beses siyang nagkamali ngunit hindi siya tumigil bagkus nagpatuloy pa siya ng husto hanggang sa nakuha niya ng tama ang kanyang imbensyon at nakilala sa buong panig ng daigidg. Anong katangian ang ipinamalas niya na nakatutulong ng malaki upang siya y magtagumpay?

A. Pagpupunyagi B. Kasipagan C. Pagtitipid D.Pag-iimpok

______28. Ang isang palatandaan ng taong nagtataglay ng kasipagan ay ang hindi pag iwas sa anumang gawain.

Alin sa mga halimbawa ang nagpapakita nito?

A. Si Marife ay hindi na kailangan pang utusan ng kanyang ina sa gawaing bahay.
B. Si Jasmin ay palaging nagbibigay ng kanyang malasakit sa anumang gawain na ipinagagwa sa kaniya ng kaniyang ina.
C. Masipag na mag-aaral si Hans, sa tuwing siya ay nag-aaral ay ibinibigay niya ang kaniyang panahon at oras dito ng buong husay.
D. Sa tuwing gumagawa ng proyekto sa paaralan si Marianne ay hindi niya ito basta ginagawa upang matapos lamang, kundi naghahanap siya ng perpeksyon sa kanayang ginawa.

_____29. Alin sa sumusunod na ma sitwasyon ang hindi nagpapakita ng pagiging matipid?

A. Naglalakad imbis na sumakay kung malapit ang pupuntahan.
B. Kahit maraming pinagdaanang pagdurusa ay hindi tumitigil sa ginagawa
C. May oras lamang sa paggamit ng TV, compyuter, electrik pan at iba pa.
D. Pagbili sa palengke kesa sa mga *mall.*

_____30. Ang kabaligtaran ng kasipagan ay katamaran. Ito ay hindi dapat taglayin ng isang tao dahil ito ang pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay o trabaho. Ang mga sumusunod ay katangian ng taong tamad maliban sa :

A. Ayaw tumanggap ng mga gawain.
B. Palagi niyang nararamdaman ang kapaguran kahit kaunti pa lamang ang kanyang nagagawa.
C. Hindi niya natatapos ng maayos ang isang gawain.
D. Siya ay nagtatagumpay sa kanyang mga gawain.

_____31. Ang mga sumusunod ay dahilan kung bakit kailangan na mag-impok ang tao ayon kay Francisco Colayco maliban sa:

A. Para sa pagreretiro     C. Para maging inspirasyon sa buhay
B. Para sa hangarin sa buhay     D. Para sa proteksyon sa buhay

_____32. Ano ang sinasabi ng teorya ni Maslow, *The Heirarchy of Needs*, tungkol sa pera?

A. Ang pera ay nagsisilbing pantulong sa araw-araw na kailangan.
B. Ang pera ay dapat nating ingatan at huwag sayangin.
C. Ang pera ay tumutulong sa tao na maramdaman ang kanyang seguridad sa buhay lalo na sa hinaharap.
D. Ang pera ay nagbibigay sa tao ng kasiguraduhan upang ang kanyang buhay ay maging maayos sa hinaharap.

_____ 33. Ang sumusunod ay kahulugan ng kasipagan maliban sa :

A. Ito ay pagsisikap na gawin o tapusin ang isang gawain na mayroong kalidad.
B. Ito ay pagtingin ng may kasiyahan at positibo sa isang gawain.
C. Nakatutulong ito sa tao sa kanyang pakikipagrelasyon sa kaniyang gawain, kapuwa at lipunan.
D. Tumutulong ito sa tao na malinang ang mabubuting katangian tukad ng tiwala sa sarili, mahabang pasensya, katapatan at disiplina.

_____ 34. Ito ay kakambal ng pagbibigay na nagtuturo sa tao na gamitin ito upang higit na makapagbigay sa iba.

A. Pag-iimpok     B. Pagtititpid     C. Pagtulong     D. Paggawa

_____ 35. Alin sa sumusunod na mga sitwasyon ang hindi nagpapakita ng pagpupunyagi ng isang tao.

A. Hindi sumusuko hangga't hindi natatapos ang gawain.
B. Patuloy na sinusubukan na gawin ang gawin kahit na maraming beses na nagkakamali.
C. Pinipilit na tapusin ang mga gawain kahit na nahihirapan.
D. Tinitiyak na magiging maayos ang kalalabasan ng gawain.

_____36. Si Boyet ay isang mekaniko. Sa bawat sasakyang kanyang ginagawa, pinaguukulan niya ito ng panahon at hindi niya ito minamadali. Sinisiguro niya na magiging maayos ang kalalabasan ng kanyang gawain. Anong palatandaan ng kasipagan ang tinataglay ni Boyet?

A. Ginagawa ang gawain ng may pagmamahal     B. Nagbibigay ng buong kakayahan sa paggawa
C. Hindi umiiwas sa anumang gawain     D. Lahat ng mga nabaggit

_____37. Maraming mga hindi inaasahan na maaring mangyari sa buhay ng tao tulad na lamang ng pagkakasakit , kalamidad, pagkawala ng trabaho o pagkabaldado. Ilan ilan ito sa mga hindi inaasahang pagkakataon na kailangan ng taong maging handa upang mayroong magamit na *emergency fund* sapagkat kungwala ay mahihirapan siyang makabangon mula dito. Alin sa mga kadahilanan kung bakit kailangang mag-impok ng tao ang tinutukoy ng mga pahayag na ito?

A. Hangarin sa buhay     B. Pagrereretiro     C. Proteksyon sa buhay     D. Luho sa buhay

_____38. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng tunguhin sa paggawa?

A. Magpapabilis ng paggawa
B. Magkakaroon ng *sense of achievement*
C. Magiging epektibo sa pamamahala ng paggamit oras sa paggawa
D. Matutugunan ang mga inaashang kakayahan at kilos sa panahon ng pagbibinata /pagdadalaga.

_____39. Alin ang nagpapahayag ng na napamamahalaan ang pagpapabukas-bukas?

A. Tutok sa prayoridad

B. May nabuo na tunguhing gawain
C. Ginagawa agad ang gawain kahit hindi ito nagugustuhan
D. Nagkakaroon ng oras ng pammahinga, paglilibang at pagkakawanggawa

______40. "Ang oras ay kaloob na ipinagkatiwala ng Diyos sa tao". Ano ang kahulugan nito?
A. Masuwerte ang tao dahil binibigyan siya ng oras.
B. Malaya ang tao na gamitin ang oras para sa lahat ng bagay na gusto niyang gawin.
C. Ang tao ay nagmamay-ari sa oras dahil ipinagkakaloob at ipinagkakatiwala ito sa kanya.
D. Tungkulin ng taong gamitin ang oras nang may pananagutan para sa kabutihan niya, ng kanyang kapwa at ng bansa.

______41. "Bilang kabataan, simulan ng hugutin sa bawat oras mo ang lahat na kaya mong gawin at lahat na kaloob sa iyo na maari mong gamitin upang makaambag sa kaunlaran ng bansa". Ano ang kahulugan ng pangungusap na na ito?
A. Sulitin ang oras ng paggawa bilang pagtulong sa bansa.
B. Alamin kung ano ang agarang pangangailangan ng bansa.
C. Gamitin ang oras upang tuklasin ang kanyang gagawin sa pagpapaunlad sa bansa.
D. Pamahalaan ang paggamit ng oras at gamitin ang talento at kakayahan para sa bansa.

______42. Paano natin makakamit ang mas mataas na layunin ng paggawa?
A. Pagsisikapan ang mahihirap na gawain.
B. Bibilisan ang paggawa upang makahabol sa dedlayn.
C. Paggawa ng maayos at pagtatapos ng gawain bago ang takdang oras.
D. Magpapaturo sa kasamahan na sanay sa gawain upang maging maayos ang kalalabasan ng ginagawa.

______43. Ano ang kahalagahan ng pamamahinga, paglilibang at pagkakawanggawa sa iyo at sa bansa pagkatapos ng iyong paggawa?
A. Magagamit ang mga ito ayon sa gusto mong gawin para sa sarili at sa bansa.
B. Magsisilbi ang mga ito na regalo mo sa iyong sarili nang dahil sa iyong tagumpay sa paggawa.
C. Mapatutunayan ng mga ito ang iyong pagiging katiwala sa oras.
D. Mababalanse ng mga ito ang iyong buhay at mapapanibago ang iyong lakas at sigla sa paggawa.

______44. Ang hamon ng pamamahala sa paggamit ng oras ay nag-uumpisa sa bawat pagsisimula ng araw mo na gawing "*On Time*" ang "*Filipino Time*". Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita nito?
A. Laging nagmamadaling umuwi ng bahay.
B. Maagang gumising dahil nasasanay na ang isang tao na gawin ito.
C. Hindi nahuhuli sa "*Flag Ceremony*" ang isang mag-aaral kahit malayo ang kanilang bahay.
D. Nagsisimulang mag-aral dalawang linggo bago ang trimistral na *exam*.

______45. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng paraan upang mapagtagumpayan mo ang ugaling pagpapabukas-bukas:
A. Tukuyin kung anong mamgyayari kung hindi mo makukumpleto ang gawain at kung ano ang magiging epekto nito sa iyo, sa mga kasamahan mo, at sa mga taong iyong pinaglilingkuran.
B. Hilingin mo sa mga kasamahan mo sa paggawa o trabaho na huwag kang abalahin at huwag ipaalala ang mga bagay na kailangan mong gawin.
C. Paalalahanan ang iyong sarili na kailangang magustuhan mo muna ang gawain upang gawin ito.
D. Unahin ang pinakamahirap at pinakamatagal na gawain upang sa huli na lamang ang pinakamadaling gawin.

______46. Si karen ay Presidente ng SSG sa kanilang paaralan, sa dami ng kanyang kailangang gawin, hindi na nya malaman kung ano ang dapat niyang unahin. Alin sa sumusunod ang mabisang paraan na gagamitin niya sa pagkakataong ito upang pamahalaan ang kanyang mga gawain?
A. Bumuo ng iskedyul C. Magtakda ng tunguhin
B. Gumawa ng prayoritisasyon D. Wag intindihin ang oras

______47. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng epektibong pag-iiskedyul ng mga gawain?
A. May tunguhin, prayoridad,pamamahinga, paglilibang,pagkakawanggawa.
B. May tunguhin, oras sa prayoridad,pamamhinga, paglilibang at pagkakawanggawa.
C. May tunguhin, prayoridad, espasyo para sa interpretasyon, pamamahinga, paglilibang pagkakawanggawa
D. May tunguhin, oras sa prayoridad, pamamahinga,pagkakawanggawa master iskedyul.

______48. Ang kakulangan sa epektibo at produktibong pamamahala sa paggamit ng iyong oras ay maaring maging sanhimng mga sumusunod maliban sa:
A. Hindi mabuting daloy ng paggawa C. Pagtigil ng karera
B. Mababang kalidad ng trabaho D. Umabot sa dedlayn

______49. Sa tamang pamamhala ng oras, madalas, nariyan ang tukso na magpabukas Bukas. Ang mga sumusunod ay indikasyon na ang isang tao ay maaring Magpabukas-bukas maliban sa:
A. Paghahanap ng dahilan na iwanan ang isang gawaing nasa mataas na prayoridad.
B. Pagpapaliban ng gawain dahil hindi mo pa ito gustong gawin.
C. Paggawa ng mga bagay na hindi kasing halaga ng mga nakalista sa iyong Prayoridad.

D. Hindi na hinihintay ang dedlayn bago gumawa.

_____50. Aling kakayahan ng tao ang tumutukoy sa epektibo at produktibong paggamit ng oras sa anumang aspekto?

A. Pamamahala ng oras

B. Nagagawa ang lahay nng gawaing bahay

C. Marami ang nasasalihan na organisasyon sa paaralan

D. Pamamahala ng mga patung-patong na proyekto ng mga asignatura.

Edukasyon sa Pagpapakatao
Grade 9
Susi sa Pagwawasto

| | |
|---|---|
| 1.C | 26. B |
| 2. D | 27. D |
| 3. C | 28. B |
| 4. D | 29. C |
| 5. D | 30. B |
| 6. C | 31. A |
| 7. C | 32. A |
| 8. A | 33. D |
| 9. B | 34. B |
| 10. C | 35. C |
| 11. A | 36. C |
| 12. C | 37. C |
| 13. C | 38. D |
| 14. B | 39. A |
| 15. C | 40. C |
| 16. C | 41. C |
| 17. D | 42. D |
| 18. B | 43. A |
| 19. C | 44. B |
| 20. D | 45. A |
| 21. A | 46. C |
| 22. A | 47. C |
| 23. B | 48. A |
| 24. C | 49. A |
| 25. B | 50. A |